# Balitang Manmin

BILANG 128 MARSO 15, 2015


# Binabago ng 'Kapangyarihan ng Panulat' ang mga Kaluluwa

## Nararanasan sa Buong Mundo ang Pagkilos ng Banal na Espiritu Dahil sa mga Libro ni Dr. Jaerock Lee



Paglalathala ng mga Libro: Sa pamamagitan ng hindi mabilang na pag-aayuno at maalab na pananalangin, nakikipag-usap si Dr. Jaerock Lee sa Diyos, at dahil sa inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, nakapagsulat siya ng maraming libro. Noong taong 1987, inilathala niya ang librong *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan.* Tungkol ito sa paggunita sa naging buhay at patotoo niya. Pagkatapos noon, mahigit 90 libro niya ang nailathala, ang mga ito ay *Ang Mensahe ng Krus; The Measure of Faith; Heaven; Hell; Spirit, Soul, and Body;* at *The Footsteps of the Lord.*






Pagpapakalat sa Buong Mundo: Ang mga libro niya ay inilathala ng labingsiyam na kilalang tagapaglathala sa buong mundo kasama dito ang Charisma Media (Estados Unidos), Evangelista Media (Italy), at Grace Publishing House (Taiwan). Dinala nila ito sa mga tindahan ng libro tulad ng New & Best (Ukraine), at Librairie Antoine (Lebanon). Mabibili din ito kahit saang bahagi ng mundo sa Amazon.com. Ito ay isa sa pinakamalaking tindahan ng libro sa internet.




Itinampok sa mga Pandaigdigang Bentahan ng mga Libro: Itinanghal ang mga libro sa ilang malalaking bentahan ng mga libro sa buong mundo tulad ng Frankfurt Book Fair (Germany), Beijing International Book Fair (China), BookExpo America (USA), London Book Fair (UK), Bologna Children's Book Fair (Italy), New Delhi World Book Fair (India), Guadalajara International Book Fair (Mexico). Nagustuhan at napuri ito ng mga tao.




Paglathala ng e-books: Ang mga libro ni Dr. Lee ay mayroon na ring bersyon sa e-books. Mayroon na itong 326 e-books sa 49 na wika. Mabibili ito sa mga tindahan ng libro sa internet tulad ng Kyobo Book Center, Ridibooks, Amazon.com, iBookstore, and Google Play Books.




Mga Libro sa Iba't Ibang Wika: Naisalin na sa 58 wika ang mga libro ni Dr. Lee at may kabuuang bilang na 306 na ang nailathala. Ang mga libro niyang *Ang Mensahe ng Krus* at talambuhay na *Buhay Ko, Pananalig Ko* ay kabilang sa listahan ng Wikipedia bilang mga librong pinakamaraming salin. Mayroong 57 edisyon sa iba't ibang wika ang *Ang Mensahe ng Krus* at ang 35 naman ang *Buhay Ko, Pananalig Ko.*



Nasa libro ni Dr. Lee ang salita ng buhay at kapangyarihan. Sa pagbabasa ng mga libro niyang isinalin sa iba't ibang wika, naranasan ng maraming tao sa buong mundo ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Iniibig at naniniwala na sila sa Diyos. Hinahangad na nila ang Langit, nagbabago ng mga puso, at marami sa kanila ang nakakaranas ng banal na paggaling.



### "Lumaki ang Pag-asa Para sa Langit"

Kapatid Samuel Orozco Barcelo, Colombia

Gusto kong matuklasan ang mga misteryo sa Biblia, pinag-aralan ko ito. Samantala, nakita ko ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Heaven I & II.* Sa pagbabasa ko ng mga ito, nalaman ko na may magkakaibang tirahan sa Langit, madali kong naintindihan ang mga 'misteryo'. Lumaki ang pananampalataya, pag-asa, at espirituwal na paghahangad ko para sa Langit.



### "Naging matatag ang pananampalataya ko"

Kapatid Yonghun Kim, South Korea

Nang mabasa ko ang libro ni Dr. Jaerock Lee, nabatid ko ang tungkol sa katotohanan. Nagsimulang maging matatag ang pananampalataya ko. Kamangha-mangha ang *Ang Mensahe ng Krus*! Inisip kong, "Bakit walang nagsabi sa akin ng mga bagay na ito tungkol sa Cristianismo?" Natanto ko ng taos-puso ang awa ng Diyos at ang pag-ibig at sakripisyo ng Panginoon.



### "Gumaling mula sa depresyon ang empleyado ko"

President Ding Yuan Ping ng Grace Publishing House, Taiwan


Hindi makatulog ang isa sa mga empleyado ko dahil sa depresyon. Hindi siya makapagtrabaho ng maayos, dapat walang hinto ang pag-inom niya ng gamot. Wala siyang kasiyahan, sinisisi niya ang Diyos. Pero habang ineedit niya ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *The Power of God,* lumaya siya mula sa depresyon. Natanto niya na hindi maikukumpara ang sakit niya sa mga sakit ni Dr. Lee bago nito makilala ang Diyos. Binago niya ang saloobin niya. Gumaling ang depresyon niya! Napaka-espesyal para sa amin ng pangyayaring ito. Malaking kagalakan ang dala nito.



### "Tumanggap ako ng biyayang pampinansyal"

Kapatid Nadakorn Thummasat, Thailand

Kahit Cristiano na ako, nagpupunta ako sa ospital at umaasa sa mga gamot kapag maysakit ako. Samantala, nabasa ko ang talambuhay ni Dr. Jaerock Lee na *Buhay Ko, Pananalig Ko.* Ngayon, kapag maysakit ako, sinisiyasat ko ang buhay ko, pinagsisisihan ko ang mga kasalanan ko, at tinatanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee. Sa libro ni Dr. Lee, sinabi niyang palagi siyang nagbibigay ng kaloob sa mga pagsamba. Dahil inantig nito ang puso ko, buong puso na rin akong nagkakaloob sa tuwing may pagsamba. Magmula noon, tumatamasa ako ng pinansyal na pagpapala.



### "Pinukaw ng librong *Hell* ang kaluluwa ko!"

Kapatid Selvaraj, India

Ipinapahayag ng librong *Hell* ni Dr. Jaerock Lee ang mga bagay na hindi ko pa narinig sa ibang iglesya. Pinukaw ng makapangyarihang librong ito ang kaluluwa kong natutulog. Nabigla ako nang malaman kong kahit mga maliliit na bata ay pwedeng mapunta sa impiyerno dahil sa kasalanang minana nila sa mga magulang nila. Natanto ko rin ang katarungan ng Diyos, ginagantimpalaan Niya ang bawat isa ayon sa ginawa nila dito sa lupa. Inilagay ko sa lugar na madaling makita ng mga bisita ang librong ito para mabasa din nila. Kapag nabasa nila ito, sasabihin nila, "Napakagandang libro nito!"



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa; huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa; o ang kanyang aliping lalaki o ang kanyang aliping babae, o ang kanyang baka, o ang kanyang asno, o ang anumang bagay ng iyong kapwa." (Exodo 20:17)

# "Huwag Mong Iimbutin ang Bahay ng Iyong Kapwa"

•••

Walang hangganan ang kasakiman ng tao. Kahit mayaman na, hindi pa rin sila nasisiyahan, gusto pa nila ng mas malaking kayamanan. At kahit nakuha na nila ito, hindi pa rin sila kuntento. Magkakaroon lang sila ng tunay na kasiyahan at kagalakan kapag hahananapin nila ang buhay na walang hanggan at pupunuin ang puso nila ng pag-asa para sa Langit.

### 1. Dapat nating iwaksi ang pag-iimbot ng mga makamundong bagay

Kapag nakakakita ang mga tao ng kahanga-hangang bahay, sasabihin nila, "Napakaganda!" Naghahangad ng ganito kagandang bahay ang iba sa kanila. Iniisip nila, "Gusto kong magkaroon ng ganito," nang-iimbot ang mga puso nila. May sinasabi sa Santiago 1:15 tungkol dito, "At kapag ang pagnanasang iyon ay naipaglihi, ito ay manganganak ng kasalanan, at ang kasalanan kapag malaki na ay magbubunga ng kamatayan."

Iisa ang pinagmumulan ng pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay, ito ay kasakiman at pag-iimbot. Ito ay pagnanasa at paghahangad sa mga mahahalay na bagay sa mundong ito. Dahil sa kasakiman, nagsisinungaling, nagnanakaw, nangangalunya, nandadaya, nagnanakaw, nanlulustay ng pera, pumapatay, at gumagawa ng iba't ibang kasalanan ang tao.

Nagiging dahilan ang kasakimang ito ng hindi pagkakasundo ng mga magulang at mga anak, mga mag-asawa, at magkakapatid. Dahil dito, kinaiinggitan ng tao ang kapwa nila, hindi nila magawang maging masaya ayon sa katotohanan para sa mga ito. Sinasabi ng 1 Kay Timoteo 6:10, "Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na ang ilang nagnasa rito ay napapalayo sa pananampalataya at tinusok ang kanilang mga sarili ng maraming kalungkutan."

May mga mananampalataya ding nagkakasala dahil sa kasakiman. Halimbawa, si Acan, nang mabihag ang Canaan, nagnakaw siya ng ginto, pilak at isang magandang balabal mula sa mga labi ng gera. Dahil dito binato at sinunog ang lahat ng miyembro ng pamilya niya, bakahan, at siya mismo hanggang sila'y mamatay. Si Ananias at Sapira ay nagdesisyong ipagbili ang lupain nila at ihandog ang perang makukuha sa Diyos, pero nang makuha nila ang pera, nagdamot sila. Itinago nila ang iba dito. Nagsinungaling sila kay Pedro, sinabi nilang ibinigay nila ang buong halaga. Dahil sa sumpa ng Diyos, bumagsak sila at namatay.

### 2. Hindi nang-iimbot ang isang taong masagana ang kaluluwa

Kahit masiyahan sa maraming bagay at makamit ng isang tao ang buong mundo, anong kabuluhan nito kung mamamatay naman siya? Sa kabilang banda, kahit hindi natin makamit ang karangyaan, kung nagtitiwala naman tayo sa Panginoon at may tunay na buhay, napakayaman natin.

Sa ika-16 na kabanata ng Lucas, mababasa natin ang talinhaga tungkol sa 'mayamang lalaki at ang pulubi'. Araw-araw nagsusulong ng marangyang buhay ang mayamang lalaki, pero ang pulubing si Lazaro ay nanlilimos sa bahay ng mayamang lalaki, kaawa-awa ang buhay niya. Gayon pa man, naniwala at sumamba sa Diyos ang pulubi, hindi ito ginawa ng mayamang lalaki. Sa bandang huli, pareho silang namatay. Dinala ng mga anghel sa kandungan ni Abraham ang pulubing si Lazaro pero itinapon sa Mababang Libingan ang mayamang lalaki kung saan siya nagdusa nang walang hanggan.

Kahit dumadanas tayo ng kahirapan at hindi pa tayo nabibiyayaan, kung totoong may pananampalataya tayo, hindi tayo hihinto sa pagpapasalamat at pagiging masaya dahil sa nakamit na kaligtasan. Bukod dito, kung sumasamba tayo sa Diyos at nabubuhay sa Liwanag, tatanggap tayo ng mga biyayang pinansyal dahil tinubos tayo ng Panginoong Jesus mula sa kadukhaan. Sinasagot ng Diyos ng pag-ibig ang mga dalangin ng mga anak Niya ng lahat ng pinakamabubuting bagay kung hihiling tayo nang may pananampalataya.

Mababasa sa 3 Juan 1:2, "Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay mapabuti ka at magkaroon ng kalusugan, kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang iyong kaluluwa." Sinabi, dapat muna nating tanggapin ang mabuting kalagayan ng kaluluwa. Kapag iwinaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan, at naging mabuti ang kalagayan ng kaluluwa natin, mapapabuti ang lahat ng bagay para sa atin. Magiging malusog tayo dito sa lupa at tatamasa tayo ng walang hanggang kaluwalhatian sa Langit. Ito ang kautusan ng espirituwal na kaharian.

Ipagpalagay nating tumanggap ng malaking kayamanan ang isang taong hindi pa napapabuti ang kaluluwa. Magsisimula siyang maging sakim kaya magkakasala siya. Baka talikuran pa niya ang Diyos. Noong dumaranas pa siya ng kahirapan, umasa siya sa Diyos, minahal niya ito, at nagsikap sa buhay niya bilang isang Cristiano na may tapat na puso. Pero dahil pinagpala siya sa pinansyal, huminto siya sa pananalangin. Sinasabi niya na marami siyang pinagkakaabalahan. Lumayo siya sa Diyos, dahil dito, natukso siya muli ng mundo.

Sa kabaliktaran, hindi iimbutin ng mga nasa mabuting kalagayan ang kaluluwa ang mga bagay dito sa mundo. Kahit makamit nila ang kayamanan at katanyagan, hindi sila nagsisiya sa mga makamundong pagnanasa. Hindi sila nagrereklamo kahit wala sila ng mga magagandang bagay dito sa mundo, sa halip, isusuko nila ang lahat pati ang buhay nila para sa Diyos.

Habang naglilingkod ng tapat para sa kaharian ng Diyos, nagdusa si apostol Pablo sa napakaraming pag-uusig, gutom, lamig, at marami pang ibang kahirapan. Pero masaya siya sa kahit na anong klaseng kalagayan. Nagpasalamat siya sa Diyos dahil puno siya ng kagalakan sa kaligtasan at pag-ibig ng Diyos (Filipos 4:11-13).

### 3. Iwaksi natin ang pag-iimbot at kasakiman, manalangin sa Banal na Espiritu

Ibig sabihin ba nito hindi natin matatanggap ang mga kasagutan sa mga pampersonal na hinahangad natin at kailangang magdusa hanggang maging espirituwal? Kung magsisikap tayong magpakabanal, at hihiling ng mga bagay na kailangan natin, tutuparin ng Diyos ang mga pangangailangan natin ayon sa sukat ng pananampalataya natin. Pero kung hihiling tayo ng may kasakiman, hindi tayo magkakaroon ng espirituwal na pananampalataya na kinakailangan para tumanggap ng mga kasagutan, hindi tayo sasagutin.

Mababasa sa Santiago 4:2-3, "Kayo'y naghahangad, at kayo'y wala; kayo'y pumapatay at kayo'y nag-iimbot at kayo'y hindi nagkakamit. Kayo'y nag-aaway at nagdidigmaan. Kayo'y wala, sapagkat hindi kayo humihingi. Kayo'y humihingi, at hindi tumatanggap, sapagkat humihingi kayo sa masamang dahilan, upang gugulin ninyo ito sa inyong mga kalayawan." Sinabi, kung hihiling tayo dahil sa kasakiman at pag-iimbot, hindi ito ibibigay sa atin ng Diyos.

Samakatwid, kapag may hihilingin tayo, huwag tayong manalangin ng may sariling saloobin. Manalangin tayo ayon sa kalooban ng Diyos at ng Banal na Espiritu. Sinasabi sa atin ng Judas 1:20 na manalangin sa Banal na Espiritu, at sinasabi sa Efeso 6:18, "Manalangin kayo sa Espiritu sa lahat ng panahon sa bawat panalangin at pagsamo." Dahil batid ng Banal na Espiritu ang karunungan ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 1:20), kung mananalangin tayo na may pakikiusap ng Espiritu, malulugod ang Diyos dahil naaayon ito sa kalooban Niya. Kapag nanalangin tayo sa ganitong paraan, mabilis nating tatanggapin ang kasagutan sa panalanging ito. Magiging mabuti ang kalagayan ng kaluluwa natin, at tatanggapin natin ang minimithi ng puso natin ng mas mabilis.

Ang pinakamahalagang bagay sa pananalangin ayon sa kalooban ng Banal na Espiritu ay manalangin ng buong puso. Maghandog tayo sa Diyos ng maalab at tapat na panalangin sa bawat sandali. Sa pananalangin, unahin nating hilingin ang kalakasan. Humiling tayo ng lakas sa pananampalataya para mapagtagumpayan ang mundo at para magwagi laban sa kaaway na diyablo. Humiling din tayo ng kalakasan para gumaling sa mga karamdaman. Hilingin din natin na makapanalangin tayo ng maalab, manahan sa salita ng Diyos, at magkaroon ng espirituwal na mga saloobin.

Kapag nanalangin tayo nang buong puso at humiling ng espirituwal na kalakasan, unti-unti nating tatanggapin ang kapuspusan ng Banal na Espiritu. Masasanay na tayong manalangin tungkol sa maraming bagay, pati na ang mga bagay na hindi natin ipinapanalangin. Hindi tayo mapapagod, kahit manangis tayo sa pananalangin. Magkakaroon tayo ng panibagong lakas. Hindi magtatagal, tatanggapin natin ang kasagutan sa mga panalangin natin, mapupuspos ng Espiritu at kagalakan ang puso natin.

Ang isa pang mahalagang bagay sa pananalangin ayon sa kalooban ng Banal na Espiritu ay pag-aaral ng Salita ng Diyos. Kapag batid natin ang Salita ng Diyos, tatanggapin natin ang pakikiusap ng Espiritu ng mas malinaw at detalyado. Kung maiipon natin ang maaalab na panalangin araw-araw tulad nito, maiiwaksi ang kasakiman at lahat ng klaseng kasalanan at kasamaan. Magkakaroon tayo ng pananampalataya para tanggapin kahit na anong kasagutan.

Umaasa ako na iwawaksi ninyo ang kasakiman para sa mundong ito, magkaroon nawa kayo ng pag-asa para sa Langit, at mapuspos ng pagpapasalamat at kagalakan. At idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maalab kayong mananalangin sa Banal na Espiritu para mapabilis ang pagpapabanal, humiling nawa kayo ng mga bagay ayon sa kalooban ng Diyos para tanggapin ninyo ang kasagutan sa lahat ng bagay.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ibinigay sa atin ng Diyos ang Sampung Utos hindi para maging pasanin natin ito, kundi para mabigyan tayo ng perpektong mga pagpapala sa espiritu at katawan. Umaasa ako na matanto ninyo ang pag-ibig ng Diyos para lubos na tanggapin ang lahat ng biyaya na ipinangako Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Bakit Inaalala ng mga Cristiano ang Araw ng Sabbath Kapag Linggo?

T. Itinakda sa Lumang Tipan ang Araw ng Sabbath tuwing Sabado at sinusunod din ito ng mga Judio sa Israel, bakit inaalala ng mga Cristiano tuwing Linggo ang Araw ng Sabbath?



S. Nilikha ng Diyos ang langit at lupa at lahat ng mga bagay na narito sa loob ng anim na araw. Nagpahinga Siya sa gawain Niya sa ika-pitong araw. Ito ang dahilan kung bakit noong panahon ng Lumang Tipan, sinunod ang Araw ng Sabbath tuwing Sabado, ang ika-pitong araw ng isang linggo. Gayon pa man, sa panahon ng Bagong Tipan, ang pagalaala ng Araw ng Sabbath ay tuwing Linggo, Araw ng Panginoon. Ito ang araw kung kailan muling nabuhay si Jesus pagkatapos Niyang mamatay sa krus para iligtas tayo. Pag-aralan natin ang dahilan ayon sa Biblia.

## 1. Si Jesu-Cristo ang Panginoon ng Sabbath

Mababasa sa Genesis 1:3, "At sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag', at nagkaroon ng liwanag." Ang liwanag na ito ay espirituwal, itinutukoy nito ang dakilang kapangyarihan ng Diyos. Sa sinabing "Magkaroon ng Liwanag", ipinahayag ng Diyos na Siya mismo ang Liwanag, at may kapangyarihan Siya sa buong kalawakan at lahat ng mga bagay na narito.

Sinasabi sa Juan 1:9, "Siya ang tunay na Ilaw na tumatanglaw sa bawat dumarating sa sanlibutan." Ang tunay na Ilaw ay si Jesu-Cristo na Siyang Salita at umiral sa anyo ng Diyos na naging tao para iligtas tayo.

Sa ika-12 kabanata ng Ebanghelyo ayon kay Mateo, nakita ng mga Fariseo na namulot ng mga butil ang mga alagad ni Jesus at kumain sa Araw ng Sabbath, isinumbong nila ito kay Jesus. Ipinaliwanag ito ni Jesus, ginamit Niyang halimbawa si David, "Sapagkat ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Sabbath" (Mateo 12:8). Tumutukoy kay Jesus mismo ang Anak ng Tao. Ipinaliwanag Niya na Siya ang tunay na Ilaw at Panginoon ng Sabbath.

Sa unang araw ng paglikha, sinabi ng Diyos na magkaroon ng liwanag. Sa katulad na diwa, sa unang araw ng isang linggo, araw ng Linggo, nang ang tunay na Ilaw – ang Panginoon – ay nagliwanag sa buong mundo. Ibig sabihin, ipinako Siya sa krus para iligtas ang sangkatauhan, inilibing sa araw ng Biyernes, at nagtagumpay sa kamatayan at muling nabuhay sa araw ng Linggo. At dahil dito, nagliwanag sa buong mundo.

Siya ang unang bunga ng muling pagkabuhay. Binigyan Niya ng tunay na Liwanag at buhay ang mga kaluluwa na nabuhay sa kadiliman at kaligtasan mula sa kamatayan at pasakit. Dahil sa muling pagkabuhay Niya, nagkaroon ng pag-asang muling mabuhay ang mga anak Niya, nagkaroon sila ng tunay na kapahingahan. Ito ang dahilan kung bakit inaalala ang Araw ng Sabbath tuwing Linggo. Tinatawag itong, 'Araw ng Panginoon'.

## 2. 'Kinabukasan pagkatapos ng Sabbath' sa Lumang Tipan

Sinasabi sa Levitico 23:10-12, "Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, 'Kapag kayo'y dumating sa lupain na Aking ibinibigay sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyon, ay dalhin ninyo sa pari ang unang bunga ng inyong inani. Iwawagayway niya ang bigkis sa harapan ng PANGINOON upang kayo'y tanggapin; sa kinabukasan pagkatapos ng Sabbath, ito ay iwawagayway ng pari. At ikaw ay maghahandog ng isang taong gulang na kordero na walang kapintasan, sa araw na iyong iwagayway ang bigkis bilang handog na sinusunog sa PANGINOON.'"

Sinabi ng Diyos sa mga anak ni Israel na maghandog ng isang taong gulang na lalaking tupa na walang kapintasan 'kinabukasan pagkatapos ng Sabbath', araw ng Linggo. 'Ang lalaking tupa' ay sumisimbulo kay Jesu-Cristo na Siyang Kordero ng Diyos. 'Ang unang bunga ng inyong inani' ay tumutukoy din kay Jesu-Cristo na Siyang unang bunga ng muling pagkabuhay. Sinabi sa 1 Mga Taga-Corinto 15:20, "Subalit ngayon, si Cristo ay binuhay mula sa mga patay, na Siya ang unang bunga ng mga namatay." Naipropesiya din sa Lumang Tipan na ang pagsamba sa araw ng Linggo ay ang araw ng Panginoong Jesu-Cristo.

## 3. Ibinigay ang tunay na kapahingahan sa sangkatauhan sa pamamagitan ng muling-pagkabuhay ni Jesus

Nawalan ng tunay na kapahingahan ang sangkatauhan pagkatapos magkasala ng unang nilalang na si Adan. Kumain siya mula sa ipinagbawal na punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Sinabi ng Diyos, "…sa araw na ikaw ay kumain nito, tiyak na mamamatay ka," namatay nga ang espiritu ni Adan, at ang kanyang mga inapo – ang buong sangkatauhan – ay nakatakda sa walang hanggang kamatayan, ito ang Impiyerno. Gayon pa man, dumating si Jesus bilang Tagapagligtas. Kahit wala Siyang bahid ng kasalanan, nagdusa at namatay Siya sa krus para sa atin. Pero sa ikatlong araw, nagtagumpay Siya sa kamatayan at Siya'y muling nabuhay. Binigyan Niya ng pag-asa para sa muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan ang sangkatauhan na nahaharap sa kamatayan dahil sa kasalanan.

Dahil dito, kahit sinuman ay pwedeng tumanggap ng Banal na Espiritu bilang handog at muling bubuhayin ang mga patay na kaluluwa nila kapag tumanggap sila kay Jesu-Cristo at pagsisisihan ang mga kasalanan nila. Ito ay muling pagkabuhay ng espiritu.

Sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Jesu-Cristo, magkakaroon tayo ng karapatan na maging mga anak ng Diyos at magkakaroon ng tunay na kapahingahan. Pero hindi pa rin perpektong kapahingahan ang nasa lupa. Kaya inihahanda ng Diyos ang walang hanggan at perpektong lugar, ito ang Langit. Kapag bumalik ang Panginoon sa papawirin, igagayak natin ang walang pagkasirang anyo at makikipagtagpo sa Kanya doon. Ito ay muling pagkabuhay na pisikal, walang hanggan tayong magkakaroon ng tunay na kapahingahan.

Tulad ng sinabi, ang araw ng Linggo ay araw kung kailan muling nabuhay at nagbigay ng tunay na kapahingahan si Jesus, ang Panginoon ng Sabbath. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag ng mga Cristiano ang Linggo bilang 'Araw ng Panginoon'. Sumasamba tayo sa araw na ito.

Mababasa sa Ang Mga Gawa 20:7, "Nang unang araw ng sanlinggo, nang kami ay nagtitipon upang magputul-putol ng tinapay…" Ibig sabihin, nagtipon sila sa araw ng 'Linggo', ang unang araw ng isang linggo. Nagputul-putol sila ng tinapay na sumisimbulo ng laman ng Anak ng Tao. Habang ang laman ng Anak ng Tao ay tumutukoy sa Salita, ginawa nilang espirituwal na tinapay ng buhay ang Salita ng Diyos sa pagsamba sa araw ng Linggo. Bukod dito, sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 6:2, "Tuwing unang araw ng isang linggo, ang bawat isa sa inyo ay magbukod at maglaan ayon sa kanyang makakaya, upang huwag nang gumawa ng mga ambagan pagdating Ko." Nagbigay din sila ng kaloob sa araw ng Linggo, unang araw ng isang linggo.

Samakatwid, unawain natin ang tunay na kahulugan ng Araw ng Panginoon, panatilihin itong banal. Magkakaroon tayo ng tunay na kapahingahan sa ilalim ng pag-iingat ng Diyos at ng pag-asa sa muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan.

# "Nalugod ang Diyos sa pag-alaala ko sa Araw ng Panginoon, pinagaling Niya ang mga buto ko sa gulugod"

Pangalawang Diakonesa Youngsun Cho, 73 taong gulang, Parokya 12, South Korea

Noong Mayo 17, 2014, nanaginip ako pagkatapos ng Magdamag na Pagsamba sa Araw ng Biyernes. Sa panaginip ko, pinisil ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang solar plexus ko (Mga nerve cells na nasa kalagitnaan ng katawan sa pagitan ng tadyang at tiyan).

Noong panahong iyon, nahihirapan akong huminga. Hindi ako makapaglakad ng mabilis ni makatakbo dahil nauubusan ako ng hininga. Pagkatapos ng panaginip ko, nakapaglakad na ako ng mabilis at nakatakbo nang walang problema. Dahil naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos, nasiyahan na ako sa pakikinig ng mga sermon. Nagsikap akong isabuhay ang Salita Niya.

Noong Agosto 2014, naranasan ko ang isa pang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay ko. Labinlimang taon kong pinagdusahan ang pagluluha ng kanang mata ko, palagi akong may dala-dalang panyo o tisyu. Nahihiya din ako dahil nagmumuta ako. Dalawang beses ko na itong pinaoperahan, pero hindi ito nakatulong.

Pero may mahimalang pangyayari pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee sa isang seminar na ginawa sa retreat sa tag-init ng Manmin noong nakaraang taon. Hindi tumigil ang pagtulo ng sipon sa kanang butas ng ilong ko, pareho ng nangyari sa kanang mata ko dati. Noong Agosto 31, suminga ako, hindi na barado ang ilong ko, malamig din ang pakiramdam ng kanang mata ko. Magmula noon, hindi na ako nagluha.

Noong Nobyembre, ipinagbili ko ang bahay ko sa Incheon, lumipat ako sa bahay ng anak kong babae para makapagsulong ng mas mabuting buhay bilang isang Cristiano. Nagpapasalamat ako dahil napabuti ang buhay ko bilang mananampalataya at nakasama ang anak ko at ang apo kong lalaki. Binigyan na naman ako ng pagkakataon ng Diyos para palaguin ang pananampalataya ko.

Habang inaayos ko ang isang bulaklak na nakatanim sa paso, natalisod ako. Nabagsakan ko ang paso, napakasakit! Tumawag ng ambulansya ang apo ko para dalhin ako sa ospital.

Nakita sa MRI at sa x-ray na nabasag ang isang buto ko sa gulugod. Sinabi ng doktor na kailangan kong magpahinga sa kama at huwag munang kumilos sa loob ng tatlong buwan. Pagkatapos ng panahong iyon, susuriin niya ulit kung magkakaroon ng pagbuti bago siya magdesisyon kung kailangan pa ng operasyon.



▲ Ang Pangalawang Diakonesang Youngsun Cho (pangatlo mula sa kaliwa) ay naging malusog dahil sa pagpapala ng Diyos. Masayang-masaya siya habang nagsusulong ng buhay bilang Cristiano kasama ng anak niyang si Diakonesa Sunye Hong, at mga apo na sina Kapatid Junyoung Jung at Kapatid Iseul Hong.



▲ X-ray ng thoracic vertebrae: makikitang may basag sa ika-12 buto

Pero gusto kong dumalo sa mga pagsamba tuwing Linggo, ipinanalangin ko ito.

Ipinasok ako sa ospital sa araw ng Miyerkules, kaya imposibleng makadalo ako sa pagsamba sa darating na Linggo. Nakakuha ng permiso mula sa ospital ang apo ko, pinayagan akong lumabas para makapagsimba. Nakaramdam ako ng pananakit habang papunta sa simbahan, pero, nagpapasalamat ako sa Diyos dahil makakapagsimba ako.

Pagdating ko sa simbahan, matindi na ang sakit. Sa tulong ng pagbobrodkast ng GCN, sumamba ako ng nakahiga sa loob ng kotse namin na ipinarada sa halamanan ng simbahan. Ibinuhos ng Diyos ang mga pagpapala Niya sa akin sa mensaheng iyon. Habang tinatanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee pagkatapos ng mensahe, binigyan ako ng pananampalataya ng Diyos na ako ay gagaling. Sa sandaling natapos ang panalangin, bumahin ako ng dalawang beses. Nakakabigla, nawala ang pananakit! Sinabi ng anak ko, "Subukan mo, mama. Lumabas ka sa kotse at tumayo ka." Paglabas ko, nakatayo ako at nakapaglakad, walang pananakit. Hallelujah!

Nag-iyakan kaming mag-ina, niluwalhati namin ang Diyos. Pagkatapos ng lahat ng pagsamba, bumalik kami sa ospital. Nabigla ang ibang pasyente dahil lumakad ako papunta sa kwarto ko, masaya ang mukha. Nagpatotoo ako tungkol sa pagpapagaling sa akin ng Diyos.

Sinasabing anim na buwan ang pinakamaiksing panahon para gumaling ang nabasag buto sa gulugod kahit gamutin ito ng medisina, physical therapy, o pagsusuot ng 'brace'. Pero sa kaso ko, nawala agad ang pananakit mga ilang araw lang. Nakakapaglakad na ako ng normal. Nakakamangha ang kapangyarihan ng Diyos! Nagpapasalamat at niluluwalhati ko Siya.

# "Nang Makilala Ko ang Diyos Kong Mabuti, Pinagpala Ako at Gumaling"

Kapatid Yamuna, 17 taong gulang, Chennai Manmin Church, India



▲ Nabubuhay sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos si Yamuna (kaliwa), ang mga magulang niyang sina Balasubramani at Pushpa, at ang kapatid niyang si Mdhumathi

Dumadalo kaming buong pamilya sa isang Pentecostal church, pero lumipat kami sa lugar ng Kilpauk noong taong 2009. Humanap kami ng ibang iglesyang madadaluhan. Noong Disyembre 25, 2009, dinala kami ni Diakonesa Maria sa Chennai Manmin Church. Nakilala namin ang Diyos na buhay na sumasagot at nagpapala sa amin, napakabait Niya. Masaya na ngayon ang buhay namin bilang mga Cristiano.

Noong taong 2008, naaksidente sa sinasakyang motorsiklo ng tatay ko, napinsala ang kanang bukong-bukong niya. Magmula noon, nahirapan siyang umupo at tumayo, kailangan niya ng baston. Hindi siya magkapagtrabaho ng maayos.

Habang pinapakinggan namin sa GCN (www.gcntv.org) ang panalangin para sa mga maysakit ni Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes, gumaling ang tatay ko. Nakalipat din siya sa mas mabuting lugar sa trabaho. Gumaling din ang sampung taon ng pinagdudusahang ulcer sa tiyan ng nanay ko.

Naranasan din ng kapatid ko ang kapangyarihan ng Diyos. May allergy siya dati, pabalik-balik itong lumalabas sa ilalim ng mga mata niya. Kung minsan, kumakalat ito sa buong mukha niya. Nagiging magaspang, makati, at masakit ang balat niya. Idinalangin siya ni Pastor Joseph Han, gamit ang panyong pinanalanginan ng Punong Pastor (Ang Mga Gawa 19:11-12). Winisikan din niya ito ng Muan Sweet Water. Ang Muan Sweet Water ay tubig na hindi pwedeng inumin dati, tubig-alat ito, pero nang idalangin ito ng Punong Pastor, naging sariwa ito at naiinom! Dahil sa panalangin at tubig, lubos na magaling na siya!

Noong Marso 2014, hiniling ko sa Punong Pastor na idalangin na matanggap ako sa high school na gusto kong pasukan. Pagkatapos ng panalangin niya na lumalampas sa lugar at panahon, natanggap ako sa eskwelahang gusto ko.

Ako at ang kapatid ko ay mga miyembro ng Sisters' Chorus at Power Dance Team ng iglesya ko. Ang tatay ko naman ay Bise Presidente ng Misyon para sa mga Kalalakihan, at ang nanay ko naman ay boluntaryong naglilingkod sa paghahanda ng pagkain para sa mga miyembro tuwing Linggo. Gusto kong maging propesor sa Computer Engineering para makatulong sa iglesya at sa pastol. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastol, ang pastol kong mapagmahal, tinulungan niya kami na makatagpo ang napakabuting Diyos Ama.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714